

## Bakit nagsusuot ng hijab ang babaeng Muslim?

"Ikaw na Propeta, sabihin mo sa iyong mga asawa, mga anak na babae, at mga kababaihan ng mga mananampalataya na ibaba nila ang kanilang mga balabal. Ito'y mas angkop upang sila'y makilala at hindi sila masaktan. At si Allah ay Mapagpatawad, Maawain." [205]. (Al-Ahzab:59).

Ang babaeng Muslim ay nauunawaan ang konsepto ng "pagkapribado". Kapag minahal niya ang kanyang ama, kapatid, anak na lalaki, at asawa, nauunawaan niya na ang pagmamahal sa bawat isa ay may kani-kaniyang pribilehiyo. Ang kanyang pagmamahal sa asawa at pagmamahal sa ama o kapatid ay nangangailangan ng pagbibigay ng tamang karapatan sa bawat isa. Naiintindihan niya kung kailan, paano, at kanino ipapakita ang kanyang kagandahan. Hindi siya nagsusuot ng parehong kasuotan sa harap ng mga di-kilala at kilalang tao. Ang babaeng Muslim ay isang malayang babae, tumanggi siyang maging alipin ng mga kagustuhan ng iba at ng moda, nagsusuot siya ng naaangkop at nagbibigay saya sa kanya at nagugustuhan ng kanyang Tagapaglikha. Tingnan kung paano naging alipin ng moda at mga fashion house ang mga babae sa Kanluran. Kapag sinabi ng moda na ang uso ay ang pagsusuot ng maikling masikip na pantalon, agad na isusuot ito ng babae, kahit na hindi ito angkop o komportable sa kanya.

Hindi maitatangi ang kalagayan ng babae ngayon na naging isang kalakal, halos walang patalastas o post na walang larawan ng hubad na babae, na nagbibigay ng hindi tuwirang mensahe sa mga kababaihan ng Kanluran ukol sa kanilang halaga sa kasalukuyang panahon. Sa pagtatago ng babaeng Muslim ng kanyang kagandahan, siya ang nagpadala ng mensahe sa mundo na siya ay isang tao na may halaga, pinarangalan ng Allah, at dapat suriin ang kanyang kaalaman, kultura, paniniwala, at kaisipan, hindi ang kagandahan ng kanyang katawan.

Ang babaeng Muslim ay nauunawaan din ang likas na kalikasan ng tao na nilikha ng Allah. Hindi niya ipinapakita ang kanyang kagandahan sa mga di-kilala upang protektahan ang lipunan at ang kanyang sarili mula sa pinsala. Sa katotohanan, bawat maganda at mayabang na babae na nagpakita ng kanyang kagandahan sa publiko, sa kanyang pagtanda ay magnanais na ang lahat ng kababaihan ay nagsusuot ng hijab.

Pag-isipan ang mga estadistika ng pagkamatay at pagkasira na dulot ng mga cosmetic surgery sa kasalukuyang panahon. Ano ang nagtulak sa babae na tiisin ang lahat ng ito? Dahil pinilit siyang makipagkumpitensya sa kagandahan ng katawan sa halip na kagandahan ng kaisipan, na nawalan siya ng tunay na halaga at pati na rin ng kanyang buhay.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://www.nwahy.com/qa-islam/tl/82/>

Arabic Source: <https://www.nwahy.com/qa-islam/ar/82/>

Sunday 3rd of May 2026 08:08:24 PM